# MGA TALÂ SA KAWALAN [BEA CAMACHO]

Mesándel Virtusio Arguelles

"Nakita mo na ba ang likha ni Bea Camacho?" Muntik ko nang hindi mapuna kung hindi nabanggit ng kaibigan habang nasa galeriya kami. Matatagpuan sa dulo ng galeriya ang salansan ng mga kopya ng *The Philippine Star,* edisyong Oktobre 18, 2018—ang araw ng pagbubukas ng eksibit. Nakasulat sa dingding sa itaas ng salansan ang pahayag hinggil sa mga talâ at pagtatalâ, kung paano maaaring mahubog ang alaala, at sa kalikasan ng alaala at paglimot.

Binuklat ko ang isang kopya para tunghayan ang inaasahang
sining. Muntik ko na itong hindi mapansin dahil paano
mapapansin ang wala? Ngunit naroon ang obra sa pahina
ng seksiyon sa isports, nasa kaliwang bahagi ang blangkong
likha, may sukat na humigit-kumulang 4 x 7 pulgada,
nababakuran ng solidong manipis na guhit at sa ilalim
sa gawing kanan, ang kapirasong detalye: Bea Camacho,
*Absence,* 2018. Pinagmasdan kong mabuti ang nakita.
Nilikha sa alaala ang pinagmasdan

nang hindi sinasadya bagkus dahil ito ang likas na proseso ng utak sa bawat engkuwentro't karanasan sa iba't ibang bagay at pangyayari sa pang-araw-araw na buhay. Nakatakda itong matabunan ng marami pang di-sadyang nilikhang alaala mula sa maliliit at malalaking pagkakataon, mga segundo at minuto, mga buwan at taon ng aking minsang pag-iral, bagamat hindi pa sa sandaling ito, na hawak ko sa magkabilang kamay ang nakabukas na mga pahina sa obra na sinadya ng manlilikhang maligaw sa laang espasyo—blangko sa blangko—

maparikalang tumatawag ng atensiyon ng mambabasa o panauhin sa galeriya tulad ko. Aaminin kong napukaw nga ang atensiyon ko sa unang pagkakataon na nakatagpo ako ng likhang sining na inilathala sa d'yaryo, hindi bilang larawan ng likhang sining na maaaring bahagi ng isang lathalain o panayam tungkol sa isang manlilikha at kanyang mga obra, kundi bilang mismong sining. Ang d'yaryo bilang lunan ng sining at bahagi lang ng natatanging pakana ang salansan ng mga kopya sa galeriya upang itampok ang obrang bumabasag

sa mga tradisyonal na paraan ng paglikha, pamamahagi, at maging pagpapahalaga sa sining. Parang nagpaanunsiyo lang sa pahayagan ang manlilikha, hindi ba? Nagbayad ng espasyo para sa patalastas upang ianunsiyo ang naturang espasyo bilang kawalan at itanghal na blangko sa mga pahinang mahalaga ang mga salita ngunit panandalian lang hanggang hindi naluluma ang mga balita at nawawalan ng kahulugan ang mga opinyong piyesa ng mga kolumnista at pag nabuksan na, maaaring pambalot sa bulaklak o kaya pantakip sa katawan ng pinatay sa kalye.

Bagamat hindi nga ito anunsiyo kundi isang pagtatanghal. Ito ang kanyang piyesang pang-eksibit para sa 13 Artists Awards ng CCP, ang gawad na sinimulan noong 1970 para sa mga eksemplaryong manlilikha ng biswal na sining. Labintatlong manlilikha: mala-soneto ang kanilang komposisyon. Tahimik ang kanyang obrang lahok, nakabaon sa kalooban ng piniling lunan. Gayunman, masasabing sinikap umabot ng kanyang obra sa higit na malaking madla

gaano man ito kapayak, bagamat hindi payak ang kaisipang nag-udyok sa ganitong likha, kung isasaalang-alang ang malaking sirkulasyon ng *The Philippine Star,* 266,000 kopya kada araw, ayon sa *Philippine Yearbook 2013*. Isipin mo, daang libong mambabasa ang naabot ng kanyang likha sa araw ng paglapag ng kopya sa mga tindahan, kainan, terminal ng sasakyan, paliparan, palengke, paaralan, simbahan, parke, otel, ospital, pasugalan, at mga pamayanang hinahatiran ng kopya ng d'yarista sa umaga. May nakapansin kaya? Nasorpresa, nagtaka, nagtanong? Kung may isang punongkahoy

na nabuwal sa gitna ng gubat at wala ni isang nakarinig sa paligid, lumikha ba ito ng tunog? Ganito rin ba ang kapalaran ng manlilikha at kanyang likha? Ngunit waring hindi naman ito ang mahalaga. Ang mahalaga ay naroon ang likhang sining na wala—ang walang-naroon o ang naroong-wala. Sa isang artikulo, ayon sa manlilikha: "Ang obra ay hinggil sa kawalan. Hinggil sa hinaharaya at ipinahihiwatig. Hinggil sa pagpuno sa pamamagitan ng pagkaltas. Paglikha ng kahulugan sa pagtanggal ng nilalaman." Pambihira, kung hindi man kakatwa, ang lubhang interes sa kawalan, maging sa mga manlilikha bagamat may mga tagapanguna: Cage, Beckett,

Tzara, Malevich, Rauschenberg, Klein. Silang masugid na naghanap sa wala, sa nadaramang hindi nakikita, sa multo, sa katahimikan. Ano ba'ng mayroon sa kawalan at hindi ito mapakawalan? Anong mapa ang kanilang sinusunson upang matagpuan ang mga nakakubli? Maaaring isang malaking kahangalan ang obsesyon sa wala ngunit wala kang magagawa kung ganito nila ibig maniwala sa wala, sa sining ng wala. "Wala akong sasabihin at sinasabi ko ito at ito ang tula," ani Cage, at kung ito nga ang tula, ito rin ang soneto, ang munting silid sa papel

bagamat hindi nga ito “bago” (ano ba ang “bago”?). Nauna rito, halimbawa, noong 1942, ang tula ni José Garcia Villa, “The Emperor’s New Sonnet,” na naglalaman ng—*voila!*—wala kundi blangkong pahina. Gaano na ba kalayo ang 1942? Walang namang nagbago. Nagpapatuloy lang ang digmaan sa iba at magkatulad na paraan at anyo. Pareho pa rin ang mga pagpaslang. Sa taon ding ito isinilang ang aking ina. Gaano na kaya ako kalayo sa kanya o siya sa akin? Anong kawalan ang higit nag-uugnay sa amin kaysa naghihiwalay?

Ang pagkawalay sa pamilya, aniya, ang nagtulak sa kanyang lumikha ng sining hinggil sa pamilya, distansiya, kawalan, at alaala. Pinatitingkad ng distansiya ang kawalan. Kung labis ang tingkad, maaaring makasilaw. Narito ang alaala bagamat hindi lagi. Sa pagdaan ng mga araw, unti-unting mabubura hanggang ganap maglaho tulad ng nilingong kasuyo na hindi maiaahon mula sa ilalim gaano man karikit ang awit. Walang sining na makapagbabalik ng mga nawala kahit nananatiling pinanghahawakan

ang alaala. Alaala. Wala tayo kundi alaala. Ano ang iyong mga alaala noong pagkabata hanggang pagkatigulang at maging pagtanda. Pagtanda na maaaring hindi na makatanda at magtanda. Humihinto na sa pagkatuto dahil ito na ang dulo. Ano pang hahangarin sa dulo kundi ang payapang pamamahinga at maluwag na pagtanggap sa likas na daloy ng buhay hanggang kamatayan. Padayon. Hindi na sa pansariling paglalakbay kundi sa pangkalahatang lakad ng mundo at muni dahil wala namang nagtatapos kundi laging nagsisimula. Lumalawak, lumalalim paglaon. Lumalaki hanggang muling maging munti.

Munti gaya ng obra ng manlilikha kaysa mga obra ng mga kasabayang ginawaran. Munti at tahimik. Munti at payak. Munti at maaaring matabunan ng mismong patas ng mga kopya ng pinaglathalaan. Narito, marupok na papel, sisidlan ng mga salitang nagbabalita, nagbabalitaktakan, nagbabalik sa wala, sa kawalang kahulugan sa simula bago inimbento ang mga salita para punan ang malaking kawalang bumabalot sa atin hanggang umabot sa sandaling hindi tayo masiyahan at sinubukang lubusang punan ang mundo ng wika ng ekonomiya, isports, digmaan, edukasyon, politika, krimen, sex

hanggang ang buong kaligira'y mapuno ng ingay na nakatutulig, nakaliligalig, nakababaliw. Gusto niyang manahimik pagkaraan ng lahat gaya nang mabatid ng isang manunulat ang tunay na dahilan ng kanyang patuloy na pagsulat—ang ultimong paghinto sa pagsulat, wala ni isang salita, sapagkat walang isang salita. Walang salitang sasapat para tugunan ang pangangailangang umugnay, umugat, umukit ng landas palabas sa salimuot na nililikha ng iba pang salitang nagbabalatkayo ng pagkalinga at pakialam gayong walang layunin kundi isulong ang sariling kapakanan. Gusto niyang manahimik kaya ginupit ang sariling dila para hindi na malasap muli ang tamis ng mga salitang nasa dulo ng dila.

**POETIKA**

Ang "Mga Talâ sa Kawalan" ay huling tula sa huling tomo sa proyektong *Sonetoismo* (di-pa-nalalathala), na isang septolohiya. Isinusulong sa *Sonetoismo* ang imbestigasyon at interogasyon ng anyo ng soneto sa pamamagitan ng pagpapakita o pagpapamalay ng proseso ng pagbubuo-pagbabaklas ng mga soneto. Sa ganito, binibigyang diin ang soneto o ang sonetong sunuran bilang proseso at ang anyo hindi lang bilang hubog kundi, ang mas mahalaga, bilang puwersa at politika, dahil sa pagkasangkapan sa anyo ng sunuran.

Itinuturing ko ang mga soneto sa *Sonetoismo* bilang pagdama, pagmarka, pag-alaala, pagninilay, at selebrasyon/pagpupugay, sa pangunahin, sa araw-araw—sa karaniwan at natatanging mga bagay, tao, at pangyayari kapwa sa mga karaniwan at natatanging araw, gamit hanggang maaari ang pinakakaraniwan at pinakapayak na paraan ng pagtula mula wika at mga kasangkapang estetiko, retoriko, at apropriyatibo. Pangunahing inspirasyon at konseptuwal na nililingon ng buong proyekto ang seryeng *Today* ng manlilikhang Hapones na si On Kawara.

Ang "Mga Talâ sa Kawalan," gaya ng sinasabi ng pamagat, ay mga talâ sa tungkol sa *kawalan*, na isa sa mga pangunahing tema, kasama ng iba pa, na ginagalugad sa buong *Sonetoismo*. Batay ito sa biswal at konseptuwal na likhang sining ng manlilikhang si Bea Camacho at samakatwid ay isang ekprastikong tula. Bukod dito, isa rin itong lirikong sanaysay at prosang tula na magkalangkap ang personal at kritikal na danas at sipat sa obra ni Camacho at sa tula/pagtula kaugnay ng iba pang usapin sa paglikha, pamamahagi, at resepsiyon ng sining.

Maaaring basahin ang "Mga Talâ sa Kawalan" bilang isang lirikong sunuran na binubuo ng 14 na magkakaugnay na piyesa ngunit bawat isa ay makatatayo rin bilang indibidwal na tula. Sa kabilang banda, maaaring basahin ito bilang isang tula na may 14 na mahahabang taludtod (kaya kinasangkapan ang anyo ng prosa at *hanging indention* upang ipahiwatig na karugtong ng unang linya ang mga sumusunod pang linya, dahil hindi kasya sa espasyo ng pahina ang tuloy-tuloy na mahabang taludtod)—samakatwid ay isang soneto na may tradisyonal na bilang ng taludturan.

Gayunman, ang bawat taludtod o piyesa (sa prosang anyo nito) ay isa rin mismong soneto, dahil una kong sinulat ang mga ito gamit ang linyadong anyo ng 14 na linya at nagagabayan ang pananaludtod ng mga prinsipyo at paraan ng pananaludtod na kinakatigan ko ayon sa aking poetika at isinasagawang proyekto, bago ginawang prosa (at naging soneto/di-soneto). Tingnan ang sumusunod, ang una sa sunuran o ang unang linya, depende kung ano ang ibig tanggapin ng mambabasa:

"Nakita mo na ba ang likha
ni Bea Camacho?" Muntik ko
nang hindi mapuna kung hindi
nabanggit ng kaibigan habang
nasa galeriya kami. Matatagpuan
sa dulo ng galeriya ang salansan
ng mga kopya ng *The Philippine*
*Star*, edisyong Oktobre 18, 2018—
ang araw ng pagbubukas ng eksibit.
Nakasulat sa dingding sa itaas
ng salansan ang pahayag hinggil
sa mga talâ at pagtatalâ, kung paano
maaaring mahubog ang alaala, at
sa kalikasan ng alaala at paglimot.

Sa huli, gayunman, ang halimbawang anyo sa itaas ay bahagi lang ng borador ng "Mga Talâ sa Kawalan" at hindi ilalathala liban kung gagamitin sa mga gaya nitong pagpapaliwanag sa proseso o poetika.